



Australian Government Disaster Recovery Payment

Ang Australian Government Disaster Recovery Payment (AGDRP) ay isang minsanang kabayaran na pantulong sa iyo kung ikaw ay malalang naapektuhan ng isang deklaradong sakuna. Ito ay hindi para sa mga maliliit na pagka-pinsala o pagka-istorbo.

Magkano ang makukuha mong kabayaran

Kung kwalipikado ka, makakakuha ka ng:

- \$1,000 kada taong may edad
- \$400 sa bawat na batang wala pang 16 taong gulang.

Sino ang makakatanggap nito

Upang makatanggap ng AGDRP, dapat ikaw ay:

- nakakasagot sa mga alituntunin sa paninirahan ng AGDRP
- may 16 taong gulang o mas matanda sa panahon ng sakuna o wala pang 16 ngunit nakakakuha ng isang kwalipikadong kabayaran
- nakakatugon sa mga pangangailangan sa pagkakwalipikado sa deklaradong lugar.

Dapat kang nahirapan sa isang deklaradong sakuna. Halimbawa:

- ikaw ay seryosong nasaktan
- ikaw ay ang pinakamalapit na miyembro ng isang mamamayan o naninirahan sa Australya na namatay o nawawala
- sinira ng sakuna ang inyong tirahan o kailangan itong wasakin
- nagkaroon ng mga malalang pagkasira sa loob ng inyong tirahan
- inilantad ng sakuna ang loob ng iyong tirahan sa kalikasan
- idineklara na ang inyong tirahan ay hindi na matibay
- ang loob ng inyong tirahan ay pinasok ng dumi ng tao
- sinira o pininsala ng sakuna ang isa o maraming mahahalagang ari-arian sa inyong tirahan
- ikaw ay tagapag-alaga sa isang kwalipikadong bata na nakaranas ng isa sa mga nasa taas.

Mga kahulugan

- Ang inyong lugar ng tirahan ay ang punong lugar kung saan ka may karapatang o lisensyang manirahan. Ito ay hindi kasali sa mga bahay bakasyunan, pinatutubuang ari-arian, pansamantalang tirahan ng mga pamilya o kaibigan, pasilidad na pangdeterido o bilangguan.
- Ang isang major asset ay isa o mga ari-arian na may kabuuang halaga na \$20,000 o mahigit pa. Halimbawa, kasama nito ang mga gusali, sasakyan, caravan, tangke ng tubig o malaking makinarya.
- Ikaw ang tagapag-alaga ng isang kwalipikadong bata sa unang araw na naapektuhan ka ng deklaradong sakuna, at isa sa mga sumusunod:
 - ikaw ay makakakuha ng Parenting Payment, JobSeeker Payment, Youth Allowance for job seekers o Special Benefit bilang isang pangunahing tagapag-alaga ng batang ito
 - ikaw ay tumatanggap ng Family Tax Benefit para sa bata, ang bata ay may 15 taong gulang o mas bata at ikawa ay hindi bababa sa 66% na pag-aalaga sa bata

- ikaw ay may ligal na responsabilidad sa pang-araw-araw na pagkaka-alaga, kapakanan at kaunlaran ng batang nasa edad na 15 taon o mas bata.

Pumunta sa **servicesaustralia.gov.au/disastersupport** para sa karagdagang impormasyon sa Ingles, kasama ng:

- mga alituntunin sa paninirahan
- mga kwalipikadong kabayaran para sa mga taong wala pang 16 taong gulang
- mga deklaradong lugar.

Paano humingi

Pinakamabilis na paraan ang paghingi sa online. Kakailanganin mo ang pagkakaroon ng isang myGov account at i-link ito sa Centrelink kung hindi ka pa nakagawa nito. Pumunta sa **servicesaustralia.gov.au/mygovguides**

Kung kailangan mo ng tulong sa paghingi, maaaring tumawag sa **180 22 66**. Ang linya ng telepono ay nakabukas mula Lunes hanggang Biyernes, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon sa lokal na oras. Maaaring humingi ng isang interpreter at magsiyos kami nito ng libre.

Kung ikaw ay may kapareha, maaari kayong dalawa ang humingi sa kabayaranang ito. Ikaw at ang iyong kapareha ay dapat maghiwalay sa humingi.

Para sa karagdagang impormasyon

- pumunta sa **servicesaustralia.gov.au/disastersupport** para sa karagdagang impormasyon sa Ingles
- pumunta sa **servicesaustralia.gov.au/yourlanguage** kung saan ikaw ay makapagbasa, makinig o manood ng impormasyon sa iyong wika
- Tumawag sa **131 202** upang makipag-usap sa amin tungkol sa mga kabayaran at serbisyo ng Centrelink
- Bumisita sa isang sentro ng serbisyo.

Paala-ala: Ang mga tawag mula sa telepono sa bahay papunta sa mga numerong **'13'** saan man sa Australya ay sisingilin ng nakatalagang halaga ng bayad. Itong rata ay maaaring kaiba sa presyo ng isang lokal na tawag at maaaring ding naiiba sa bawat nagbibigay ng serbisyo sa telepono. Ang mga tawag sa mga numerong **'1800'** mula sa telepono sa iyong bahay ay libre. Ang mga tawag mula sa mga teleponong pampubliko at mobile ay maaaring inuوران at sinisingil ng mas mataas.

Pagtatatwa

Ang impormasyong taglay sa lathalaing ito ay naglalayon lamang na maging patnubay sa mga kabayaran at serbisyo. Responsabilidad mo na magpasya kung gusto mong mag-aplay para sa isang kabayaran at gumawa ng aplikasyon tungkol sa iyong mga partikular na katayuan.



Australian Government Disaster Recovery Payment

The Australian Government Disaster Recovery Payment (AGDRP) is a one-off payment to help you if you are significantly affected by a declared disaster. It is not for minor damage or inconvenience.

How much you can get

If you are eligible you will get:

- \$1,000 per adult
- \$400 for each child younger than 16.

Who can get it

To get AGDRP you must:

- meet AGDRP residence rules
- be 16 years or older at the time of the disaster or under 16 and getting an eligible payment
- meet declared area eligibility requirements.

You must have been adversely affected by a declared disaster. For example:

- you were seriously injured
- you are the immediate family member of an Australian citizen or resident who died or is missing
- the disaster destroyed your principal place of residence or it must be demolished
- there has been major damage to the interior of your principal place of residence
- the disaster has exposed the interior of your principal place of residence to the elements
- your principal place of residence has been declared structurally unsound
- sewage has contaminated the interior of your residence
- the disaster has destroyed or damaged a major asset or assets you own at your principal place of residence
- you are the carer of an eligible child who has experienced any of the above.

Definitions

- Your principal place of residence is the main place where you have a right or licence to normally live. It does not include holiday homes, investment properties, temporary stays with family or friends, detention facilities or prison.
- A major asset is an asset or assets with a combined market value of \$20,000 or more. For example, this includes buildings, vehicles, caravans, water tanks or large scale machinery.
- You were the carer of an eligible child on the first day you were affected by the declared disaster, and one of these points apply:
 - you get Parenting Payment, JobSeeker Payment, Youth Allowance for job seekers or Special Benefit as a principal carer of that child
 - you get Family Tax Benefit for that child, the child is 15 or younger and you have at least 66% care of the child
 - you have legal responsibility for the day-to-day care, welfare and development of the child who is 15 or younger.

Go to servicessaustralia.gov.au/disastersupport for more information in English, including:

- residence rules
- eligible payments for people under 16
- declared areas.

How to claim

The fastest way to claim is online. You will need to set up a myGov account and link to Centrelink if you do not have one yet. Go to servicessaustralia.gov.au/mygovguides

If you need help with claiming, you can call **180 22 66**. The phone line is open Monday to Friday from 8 am to 5 pm local time. You can ask for an interpreter and we will arrange one for free.

If you are a member of a couple, you can both claim this payment. You and your partner must make separate claims.

For more information

- go to servicessaustralia.gov.au/disastersupport for more information in English
- go to servicessaustralia.gov.au/yourlanguage where you can read, listen to or watch information in your language
- call **131 202** to speak with us in your language about Centrelink payments and services
- visit a service centre.

Note: calls from your home phone to '13' numbers from anywhere in Australia are charged at a fixed rate. That rate may vary from the price of a local call and may also vary between telephone service providers. Calls to '1800' numbers from your home phone are free. Calls from public and mobile phones may be timed and charged at a higher rate.

Disclaimer

The information contained in this publication is intended only as a guide to payments and services. It is your responsibility to decide if you wish to apply for a payment and to make an application with regard to your particular circumstances.